

Pagkapantay-pantay sa Pabahay para sa Mga Bagong Canadian Pagsusukat ng Diskriminasyon sa Pag-upa ng Pabahay sa Mapagbibilhan sa Toronto

Ang mga tagapagtustos ng pabahay ay nagdadagdag ng mga kinakailangan sa pagpapa-upa sa mga bagong dating sa Canada? Ang mga bagong dating ba na may mga anak ay nahihirapan maghanap ng pabahay? Ang mga tagapagtustos ba ng pabahay ay mas gusto ang magpa-upa sa mga bagong dating na may trabaho – kahit na mababa ang kita sa trabaho – kaysa sa mga pamilya na bagong dating na may katumbas na naipon? Ang tao na may isang kinikilalang puntong South Asian ay mas nahihirapang maghanap ng isang lugar kaysa sa isang tao na may puntong British? Paano kung ang isang mag-asawa ay may puntong Middle Eastern? Sa 2012, ang Sentro para sa Pagkapantay-pantay na mga Karapatan sa Tuluyan (Centre for Equality Rights in Accommodation [CERA]) ay nagsagawa ng isang pagsusuri ng diskriminasyon sa pabahay sa pamamagitan ng telepono upang subukang sagutin ang mga tanong na ito.

Ang *Pagkapantay-pantay sa Pabahay para sa Mga Bagong Canadian (Housing Equality for New Canadians)* ay binuong proyekto ng CERA's 2009 na *Ikinalulungkot ko, Ito ay Nirentahan na*, ay nagpapakita ng pag-iral ng parehong ginagawa at nakatagong diskriminasyon sa pamilihan ng pag-upa ng pabahay sa Toronto. Itong muling pagtingin na pagsusuri ay nagsusuri sa mga sagot ng mga may-ari sa mga tanong ng baguhan sa pamamagitan ng telepono tungkol sa mahigit sa 1,000 bakanteng mga apartment sa buong Toronto upang mas maunawaan ang mga uri na diskriminasyong hinaharap ng bagong dating sa paghahanap ng pabahay.

PAANO NAMIN GINAWA ITO?

Ang CERA ay lumikha ng apat na mga anyo upang subukan ang diskriminasyon laban sa mga bagong dating batay sa kanilang tagal ng panahon sa Canada; kanilang mga pinagkukunan ng kinikita (alinman sa kinikita sa pagtatrabaho at mga naipon, o naipon lamang); at ang katayuan ng kanilang pamilya (kung sila man ay mayroon o walang mga anak). Mga boluntaryo na may mga kinikilalang punto (African, Middle Eastern, East Asian, South Asian, British at Australian) ay inangkop ang mga anyong ito sa kanilang pagkikipag-usap sa telepono sa nagpapaupa, at ang sagot ng mga may-ari sa kanilang mga pagtatanong ng pag-upa ay dokumentado.

Pinili ng CERA ang pagsusuri batay sa telepono sa ilan mga dahilan. Para sa karamihan ng mga nag-uupa, ang telepono ay unang hakbang sa pag-uugnay sa isang tagapagtustos ng pabahay at ito, mabisang, unang antas na salain. Sa katunayan, isang makabuluhang bahagi ng mga kliyente ng CERA ay umulat na sila ay nakaranas ng diskriminasyon sa maagang yugto na ito, ibig sabihin hindi sila nakarating sa puntong na makita ang apartment na pinag-uusapan. Gayundin, ang CERA ay nais magdisenyo ng isang pamamaraan na maaaring ikopya ng mga organisasyon ng komunidad sa iab't ibang bahagi ng Canada. Isang pagsusuri na batay sa telepono ay epektibo sa gastos at isang mapagpipilian na magagamit ng mga mananaliksik.

ANO ANG NALAMAN NAMIN?

Bawat taon, ang diskriminasyon sa pabahay ay nakaka-epekto sa libo-libong mga bagong-dating sa Toronto

Nalaman namin sa aming pagsusuri na ang diskriminasyon ay laganap batay sa Alintuntunin ng mga Karapatan ng Tao (Human Rights Code) gaya ng lahi /etniko, lugar ng pinagmulan, pagkamamamayan, at katayuan ng pamilya. **Tinatantya namin na 85-92% ng kamakailang mga bagong dating ay nakaranas ng makabuluhang mga hadlang sa pagkuha ng pag-upa ng pabahay dahil sa diskriminasyon.**

- Nalaman namin na **halos lahat** na inaasahang mangungupahan na bagong dating ay may isang karagdagang kondisyon sa upa na hiningi sa kanila o sila ay ganap na tinanggihan ang yunit.
- Nalaman namin na ang mga grupo na bagong dating ay **pare-parehong dehado** sa kanilang paghahanap ng pabahay. Habang nakita namin ang mga pagkakaiba sa mga tiyak na mga

kinakailangan itupad ng mga tumatawag, ang epekto ng mga dehado ay pantay sa buong grupo. Sa madaling salita, ang diskriminasyon laban sa bagong dating ay laganap sa halip na tinatamaan.

- Nalaman namin na ang isang mag-asawa na walang anak at namumuhay sa mga inipon lamang, sa malawak na patagana, ay mas malamang na kinakailanganin magbigay ng malaking deposito, magbayad ng ekstrang pauna na upa at kailanganin magkaroon ng isang tagapanagot (na walang malinaw na pang negosyong dahilan).
- Nalaman namin na ang mga aplikante na may puntong East Asian o South Asian ay mas malamang ganap na tinatanggihan ng apartment.
- Nalaman namin na ang mga aplikante na may puntong African o Middle Eastern ay mas malamang kinakailangan ng tagapanagot (na walang malinaw na pang negosyong dahilan).
- Nalaman namin na ang mga aplikante na may puntong African, East Asian, Middle Eastern o South Asian ay mas malamang kinakailangan magbigay ng katibayan sa pagtatrabaho, *kinakailangan* magkaroon ng tagapanagot, at mas malamang na itinuturing hindi karapat-dapat umupa kaysa sa mga aplikante na may puntong British o Australian.

Dulo ng iceberg?

Sa kanilang sarili, ang mga numerong ito ay dahilan ng pag-aalaala. Ngunit, ang aming 2009 ulat, *Paumanhin, Ito ay Nirentahan*, ay nagpapakita na itong mga numero ay maaaring kumatawan lamang ng dulo ng iceberg. Dahil ito ay isang pagsusuri batay sa telepono, ang unang hakbang sa proseso sa paghahanap ng pabahay ay pinagmasdan lamang, at malamang masyadong mababa ang tasa ng pangkalahatang mga diskriminasyon, dahil hindi nakukuha ang mga gawi na maaaring mangyari sa kinamamayan na mga hakbang.

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay pare-pareho kung ano ang aming narinig mula sa mga araw-araw na kliyente sa CERA. Sa aming karanasan, ang mga tagapagtustos ng pabahay ay bihira pumuna ng direkta sa lahi, kulay, etniko, lugar ng pinagmulan o pagkamamamayan. Bilang resulta, walang pananaliksik tulad ng pagsusuril na ito, mahirap na kilalanin na malinaw ang karamihan na diskriminasyon na nararanasan ng maraming mga bagong dating sa pagngungupa ng pamilihang pabahay.

Madalas nakatago ang diskriminasyon

Tulad ng batas ng mga karapatang pantao sa iba pang mga probinsya at teritoryo, Ang Ontario *Alintuntunin ng Karapatan ng Pantao (Human Rights Code)* ay pinoprotektahan ang mga tao mula sa diskriminasyon na nauugnay sa pagkuha o pananatili ng pabahay. Sa partikular, ito ay pinoprotektahan ang Ontarians mula sa diskriminasyon batay sa labing-anim mga personal na katangian, o *nasasakupan*, tulad ng sumusunod:

- Lahi
- Kulay
- Pinagmulan na etniko
- Kanunu-nunuan
- Lugar ng inagmulan
- Pagkamamamayan
- Katayuan ng Pamilya (sa pagiging isang relasyon ng magulang-anak)
- Katayuan ng kasal
- Pananampalataya (relihiyon)
- Kapansanan, kabilang ang pansamantala, permanente, nakikita, hindi nakikita, at pinaghihinalaang kapansanan
- Kasarian, kabilang ang pagiging buntis o nagpapasuso
- Pagkakakilanlan ng kasarian
- Paghihiwatig ng kasarian
- Sekswal na oryentasyon
- Edad (kabilang ang pagiging 16 o 17 taong gulang)
- Ang pagtatanggap ng pampublikong tulong, na kabilang ang anumang programa para sa kita napinondohan ng pamahalaan

Mahirap sukatin ang diskriminasyon, at nalaman namin na kadalasan hindi tahasang ipinapahayag. Sa *Paumanhin, Ito ay Nirentahan Na*, nalaman namin na ang diskriminasyon na may kaugnayan sa lahi, kulay, lahi at/o lugar ng pinagmulan ay bihirang pantao, ngunit lumilitaw sa pamamagitan ng hindi direktang sa mga komento at mga dahilan.

Kailangan ninyo ng "2 buwan na deposito pati na ang \$5,000 na pauna – na maaari ninyong makuha pagkatapos ng termino – at ang isang taong pag-uupa, isang ulat ng bangko at ang isang kasamang pipirma: - Komento mula sa isang tagapagkaloob ng pabahay

Itong muling pagsusuri ay kinukumpirma na ang pantaong diskriminasyon ay bihira. Sa halip, ang mga inaasahang mga nangungupahan ay sumasailalim ng diskriminasyon – mga ilegal na kinakailangan na hinihingi ng mga may-ari, tulad ng labis na malaking deposito, iniutos na kasaysayan ng kreditong Canadian, at kinakailangan mga tagapanagot, na ang lahat ay hindi pinahihintulutan ng batas.

Ang *Alintuntunin sa Mga Karapatan Pantao (Human Rights Code)* ay nangangailangan na ang tagapagtustos ng pabahay - tulad ng anumang iba pang mga tagapangasiwa ng negosyo – na tumanggap ng mga partikular na pangangailangan ng bagong dating pagkatapos sila ay nakarating sa Canada. Ang mga may-ari ay hindi maaaring tanggihan ang pagpapabahay sa kamakailang mga bagong dating kung ang dahilan ng pagtanggap ay kahit *bahagyang* dahilan na sila ay kamakailan lumilipat sa Canada. Ang katayuan ng isang bagong dating ay hindi kailangan maging *tanging* dahilan sa pagtanggap dahil ito ay diskriminasyon. Dagdag pa rito, ang tagapagtustos ng pabahay ay legal na ipinagbabawal sa pag-utos ng mga karagdagang kinakailangan na aplikasyon (dili kaya ay legal) simple sa dahilan ang aplikante ay isang bagong dating at hindi maaaring magkaroon ng kreditong Canadian o mga sanggunian, o dahil sila ay namumuhay sa mga naipon sa halip ng kita galing sa rabaho.

ANO ANG KAHULUGAN NITONG PAGSUSURI SA INYO?

Karamihan sa mga karagdagang kondisyon na hinihingi ng mga tagapagtustos ng pabahay sa mga naghahanap ng pabahay sa pagsusuri na ito ay hindi lamang hindi makatarungan - ang mga ito ay ilegal. Ang mga may-ari ay maaari lamang ibatay ang desisyon sa pagpapaupa sa walang-diskriminasyon na pamantayan. Hindi nila maaaring ibatay ang kanilang desisyon sa mga karagdagang kinakailangan na kinakailangan lamang ng ilang mga aplikante. Hindi rin nila maaaring ibatay ang kanilang desisyon sa ilegal na mga kinakailangan. Halimbawa:

- Sa ilalim ng *Batas ng Mga Residential Tenancies (Residential Tenancies Act)* sa Ontario, isang may-ari ay maaari hilingin ng isang buwan lamang para sa upa bilang isang deposito: ito ay ilegal para sa kanila ang humingi ng higit pa.
- Sa ilalim ng *Alintuntunin sa Karapatan ng Pantao* sa Ontario, ang mga may-ari ay maaaring hilingin ang kasaysayan para sa pag-uupa at mga sanggunian ng kredito. Gayunman, ang isang kakulangan ng kasaysayan ng Canadian para sa pag-uupa o kredito ay *hindi dapat* tingnang negatibo.
- Ang mga may-ari ay hindi pinapayagan na mag-aplay ng pinikamaliit na panuntunang kita sa mga aplikante: anumang pagtatanong tungkol sa kita ay dapat limitado sa pagtiyak na ang mga inaasahang nangungupahan ay may sapat na kita upang masakop ang upa. Ang isang may-ari ay hindi maaaring hilingin sa mga nangungupahan ang isang tiyak na halaga ng perang dapat matira upang masakop ang iba pang mga babayaran.
- Habang ang mga nagpapaupa ay pinapahintulutang humingi ng tagapanagot o kasamang pipirma, maaari *lamang* nilang gawin kung hilingin nila ito sa lahat ng mga nangungupahan, o kung hilingin nila para sa isang walang-diskriminasyon na dahilan. Kung ang may-ari ay naglalapat mga karagdagang kinakailangan lamang sa mga miyembro ng isang pangkat na protektado sa ilalim ng *Alintuntunin* (tulad ng mga bagong dating), ito ay bumubuo ng diskriminasyon.

Ang pagsusuring ito ay nagpapakita na, sa buong Lungsod ng Toronto, hanggang sa 500,000 na bagong dating bawat taon ay humaharap ng ilang mga uri ng diskriminasyon kapag naghahanap ng isang apartment. Ang diskriminasyon ay humahadlang sa kanilang mga pagsubok na makakuha ng pabahay, dagdag sa pagkapagod at pagsisikap na kasali sa proseso sa paghahanap ng pabahay - at binabawasan ang mga magagamit na mauupahan na pabahay para sa mga bagong dating.

MULA RITO...

Ang pagsusuring ito ay isa pang hakbang patungo sa pag-unawa ng kalikasan at lawak ng diskriminasyon ng pabahay sa Toronto. Mula sa pagsasaliksik na ito, malinaw na ang mga tagapaggawa ng patakaran ay kailangang dalhin ang diskriminasyon sa kanilang mga talakayan at mga estratehiya upang matugunan ang krisis ng pabahay sa Toronto. Ang mga darating na mga estratehiya upang matugunan ang kawalan ng tahanan at kawalan ng kapanatagan ng pabahay ay dapat tingnan ang mga katotohanan na - kahit saan paupahan ng pabahay ay makukuha - libo-libong mga madaling maapektuhang mahihinang mga indibidwal at mga pamilya ay maaaring hindi magkaroon.

MGA REKOMENDASYON

1. Ang Pamahalaan ng Ontario ay kailangang pondohan ang mga pagsusuri sa diskriminasyon sa pabahay sa mga komunidad sa buong Ontario. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring isagawa ng Ontario Human Rights Commission kasama sa mga organisasyon naka-base sa komunidad, tulad ng CERA.
2. Ang Pamahalaan ng Ontario ay kailangan magkaroon at pondohan ang isang sistema na gumagabay sa diskriminasyon sa pabahay. Ang sistema ay nakahiwalay, ngunit kakontra sa pormal na proseso ng mga karapatang pantao, at kabilang ang:
 - a. patuloy na sapalarang mga pagsusuri ng mga polisiya at patakaran ng mga tagapagtustos ng pabahay upang matiyak na sumusunod ang mga ito sa *Alintuntunin ng Mga Karapatan ng Pantao* (posibleng ginagamit ang isang nakapares na pamamaraan sa pagsubok)
 - b. tinatamaan na pagsusuri bilang tugon sa mga reklamo ng indibidwal ng diskriminasyon
 - c. taunang mga report kard sa diskriminasyon sa pabahay na ipinamamahagi sa buong probinsiya at ginagamit sa pag-uulat sa katawan ng mga gumagabay ng mga karapatang pantao sa United Nations
3. Ang Pamahalaan ng Ontario ay kailangan magbigay ng sapat na mga pondo upang tiyakin na ang mga bagong dating sa Canada ay makakakuha ng tinatamaang mga suporta ng pagtatanggol upang hamunin ang mga diskriminasyon na may kaugnayan sa pabahay.
4. Ang Pamahalaan ng Ontario ay kailangan magbigay ng sapat na mga pondo, sa Komisyon para sa mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Commission) at mga organisasyon na naka-base sa komunidad, para sa edukasyon ng mga karapatang pantao sa mga naghahanap ng pabahay, mga nangungupahan, at mga tagapagtustos ng pabahay. Ang edukasyong ito ay dapat naka-pokus sa pagsaliksik ng diskriminasyon laban sa mga bagong dating na nailantad sa pamamagitan ng pagsusuri na ito.

Tungkol sa CERA

Ang CERA ay isang kawanggawa di-pampamahalaang organisasyong itinatag noong 1987 upang itaguyod ang mga karapatang pantao sa pabahay.

340 College Street, Yunit 215
Toronto, ON M5T3A9
Telepno: 416-944-0087
Libreng Tawag: 1-800-263-1139

Fax:416-944-1803
Email: cera@equalityrights.org

Ang CERA ay nais magpasalamat sa lahat ng tao na tumulong upang posibleng maisagawa ang pagsusuring ito, kabilang ang lahat ng mga boluntaryo, ang aming komite sa pagpapayo, ang Institute for Social Research sa York University, at ang Internationally Trained Social Workers Bridging Program ng Ryerson University.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CERA o sa pagsusuring ito, hanapin kami sa online sa equalityrights.org/cera.